

PAHINTULOT PARA SA MGA ELECTRONIC NA PAKIKIPAG-UGNAYAN ("E-SIGN NA KASUNDUAN")

Ang mga sumusunod na paghahayag ay kinakailangan ayon sa pederal na Electronic Signatures ("E-Sign") in Global and National Commerce Act (ang "Act"). Bago mabuksan ng Remitly ang iyong Remitly Account (o subaccount, para sa isang awtorisadong user) at magbigay ng anumang nauugnay na Serbisyo, dapat na kinikilala mo ang pagtanggap ng mga paghahayag na ito, sumasang-ayon kang nabasa mo ang mga paghahayag at ibinibigay mo ang iyong pahintulot sa electronic na paghahatid ng lahat ng Pakikipag-ugnayan (inilalarawan sa ibaba) tungkol sa iyong Account (inilalarawan sa ibaba) at anumang nauugnay na produkto at serbisyo na inaalok namin.

Ang abisong ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon na nararapat mong matanggap bago mo pahintulutan ang mga electronic na rekord at electronic na pirma kaugnay ng iyong money transfer account sa Remitly at anumang nauugnay na produkto at serbisyong inaalok ng at sa pamamagitan ng Remitly Inc. (ang "Mga Produkto"). Pakibasa nang mabuti ang abisong ito at mag-print o mag-download ng kopya para sa iyong mga file.

Ang Kasunduan sa mga Electronic na Pakikipag-ugnayan na ito ("E-Sign na Kasunduan") ay nalalapat sa lahat ng Pakikipag-ugnayan na nauugnay sa anumang produkto at serbisyo ("Mga Serbisyo") na inaalok ng o sa pamamagitan ng Remitly Inc., kabilang ang mga available sa pamamagitan ng anumang mobile application ng Remitly ("Mobile App"). Nakalaan ang Mga Serbisyo para sa paggamit lang ng mga indibidwal o ilang partikular na negosyong handa at kayang (i) tumanggap ng mga abiso at Mga Pakikipag-ugnayan mula sa amin nang eksklusibo sa pamamagitan ng electronic na paraan, hangga't pinapahintulutan ng batas, at (ii) magbigay ng mga electronic na pirma kaugnay ng Mga Pakikipag-ugnayan na iyon. Kung hindi ka sumasang-ayon na bigyan ka namin ng mga abiso at pakikipag-ugnayan na iniaatas ng batas na inilalarawan dito sa electronic at hindi papel na anyo, posibleng hindi ka makapagbukas ng Account sa amin o makagamit ng Mga Serbisyo. Gayundin, kung pagkatapos mong ibigay ang iyong pahintulot sa E-Sign na Kasunduan ay babawiin mo ang naturang pahintulot, mayroon kaming karapatang wakasan ang iyong Account at access sa Mga Serbisyong inilalarawan sa ibaba. Ang ibig sabihin ng "Account" ay isang profile na na-set up para sa Mga Serbisyo namin na ina-access mo sa pamamagitan ng iyong Mobile App o nang online. Nangangahulugan ang "Access Device" na anumang electronic device na ginagamit mo para i-access ang mga mobile o online na serbisyo o para makita ang mga electronic na dokumento. Kasama dito ang, pero hindi limatado sa: isang mobile device tulad ng tablet computer o smartphone. Ang "Pakikipag-ugnayan" ay nangangahulugang anumang kasunduan sa o pagbabago ng customer (o awtorisadong user), paghahayag, abiso, sagot sa mga claim, regular na statement, pana-panahong statement, abiso sa paglutas ng error, patakaran sa privacy, patakaran sa katanggap-tanggap na paggamit, at lahat ng iba pang impormasyong

nauugnay sa Mga Serbisyo, o sa Mobile App, na iniaatas ng batas na ibigay namin sa iyo nang pasulat. Ang “Remitly” ay tumutukoy sa Remitly, Inc. at sa bawat isa sa mga ahente, awtorisadong kinatawan, tagapagmana, at itinalaga nito. Ang ibig sabihin ng “ikaw” at “iyong” ay ang taong tinutukoy sa iyong profile ng Account at ang sinumang awtorisadong user. Ang “kami”, “namin,” at “amin” ay tumutukoy sa Remitly.

Saklaw ng Mga Pakikipag-ugnayan na Ibibigay sa Electronic na Anyo Sumasang-ayon kang maaari ka naming bigyan ng anumang Pakikipag-ugnayan sa electronic na format, hangga’t pinapahintulutan ayon sa batas, sa halip na mag-send sa iyo ng Mga Pakikipag-ugnayang nasa papel. Kabilang sa iyong pahintulot na tumanggap ng mga electronic na Pakikipag-ugnayan at transaction ang, pero hindi limitado sa:

- Lahat ng legal at panregulasyong paghahayag at pakikipag-ugnayan na nauugnay sa Mga Serbisyo at anumang nauugnay na produkto at serbisyo;
- Kasunduang ito at anumang abiso tungkol sa isang pagbabago sa mga tuntunin ng Mga Produkto, o anupamang tuntunin ng Kasunduang ito;
- Mga patakaran at abiso sa privacy;
- Mga abiso sa paglutas ng error;
- Mga pahintulot sa pagbabayad at resibo o kumpirmasyon ng transaction;
- Mga sagot sa mga claim na inihain kaugnay ng Mga Produkto;
- Anumang nauugnay na pana-panahong statement; at
- Lahat ng iba pang pakikipag-ugnayan sa pagitan namin (o ng aming mga provider ng serbisyo) at ninyo tungkol sa Mga Produkto at anumang nauugnay na transaction o serbisyo.

Ibinibigay mo ring ang iyong hayagang pahintulot na tanggapin, tingnan, at pirmahan sa electronic na paraan ang Mga Pakikipag-ugnayan na ipinapakita namin sa anumang website, sa pamamagitan ng web browser, o sa anumang software application (kabilang ang Mobile App). Sumasang-ayon ka na posibleng kasama sa Mga Pakikipag-ugnayan na sine-send namin sa iyong nakatalagang email address ang Mga Pakikipag-ugnayan na ipinapakita sa mensahe sa email, na naka-attach dito o ipinapakita kapag pumipili ka ng mga link na kasama sa mensahe. Kapag ang Pakikipag-ugnayan ay ipinapakita sa iyong computer o sa mobile o handheld na device mo sa electronic na paraan, sumasang-ayon ka na posibleng kasama sa electronic na pirma mo para sa Pakikipag-ugnayan ang pag-click sa mga ipinapakitang button, pagpili ng mga ipinapakitang box, pag-type ng iyong pangalan sa isang nakatalagang field o kung hindi ay pagpili ng electronic facsimile na pirma para sa field, pag-send ng sagot na email sa isang mensaheng ipinadala sa iyong itinalagang email address, o paggawa ng iba pang positibong pagkilos na inilalarawan kapag tumitingin ka ng electronic na Pakikipag-ugnayan na ipinapakita sa iyong computer o sa mobile o handheld na device mo. Ang iyong pahintulot sa aming paggamit ng mga electronic na Pakikipag-ugnayan at pirma

ay magiging epektibo maliban kung babawiin mo ito sa paraang inilalarawan sa ibaba.

Paraan ng Pagbibigay sa Iyo ng Mga Pakikipag-ugnayan sa Electronic na Anyo. Ang lahat ng Pakikipag-ugnayan na ibibigay namin sa iyo sa electronic na anyo ay ibibigay alinman sa pamamagitan ng (1) pag-post sa website ng Remitly, (2) e-mail, (3) Mobile App, o (4) SMS na text message kung ibinigay mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pag-opt in na makatanggap ng mga pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng SMS na text message. Aabisuhan ka kapag available na ang Pakikipag-ugnayan patungkol sa iyong paggamit ng Mga Produkto. Responsibilidad mo na regular na suriin ang mga source na ito para sa Mga Pakikipag-ugnayan at balikan ang anumang update sa E-Sign na Kasunduan na ito.

Paano Bawiin ang Pahintulot. Maaaring mong bawiin ang iyong pahintulot na makatanggap ng mga electronic na Pakikipag-ugnayan anumang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng abiso sa amin sa pamamagitan ng mail sa:

Remitly, Inc.
 Bigyang-pansin: Tagumpay ng Customer
 401 Union Street, Suite 1000
 Seattle, WA 98101

Mayroon kaming karapatan na paghigpitan o wakasan ang iyong access sa Mga Serbisyo kung babawiin mo ang iyong pahintulot na tumanggap ng mga electronic na Pakikipag-ugnayan. Kung isasara ang iyong Account bilang resulta, may mga dapat ka pa ring bayarang anumang outstanding fund at magpapadala kami sa mail sa May-ari ng account ng tseke ng refund para sa anumang natitirang halaga ng balanse sa Account. Kung babawiin mo ang iyong pahintulot, hindi maaapektuhan ang pagiging valid at napapatupad ayon sa batas ng naunang Mga Pakikipag-ugnayan na naihatid sa electronic na anyo.

Paano I-update ang Iyong mga Rekord. Responsibilidad mo na bigyan kami ng totoo, tumpak, at kumpletong impormasyon sa e-mail address, pakikipag-ugnayan, at iba pang impormasyong nauugnay sa E-Sign na Kasunduan na ito at iyong profile sa Remitly, at panatilihin at agarang i-update ang anumang pagbabago sa impormasyon. Puwede kang mag-update ng impormasyon (tulad ng iyong e-mail address) sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-888-736-4859 o pag-update ng iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Mobile App. Hindi kami mananagot para sa anumang pagkaantala o pagkabigo na matanggap mo ang Mga Pakikipag-ugnayan kung ise-send namin ang Mga Pakikipag-ugnayan sa huling email address na ibinigay mo sa amin.

Posibleng makaapekto sa iyong kakayahang matanggap ang aming Mga Pakikipag-ugnayan ang iyong paggamit ng filter ng spam na nagba-block o nagre-reroute ng mga

email mula sa mga sender na hindi nakalista sa iyong book ng email address. Samakatuwid, dapat mo kaming idagdag sa iyong book ng email address para matanggap mo ang Mga Pakikipag-ugnayan na ise-send namin sa iyo.

Para ma-access ang Mga Serbisyo at electronic na dokumento sa isang mobile device, kakailanganin mo ng:

- Mobile device na nagpapatakbo ng bersyon ng IOS na 8.0 o mas bago o bersyon ng Android na 4.1 o mas bago;
- Kakayahang makita at magpanatili ng mga Portable Document Format (PDF) na file;
- Access sa aktibong account sa email na may provider ng serbisyo sa email; at
- Alinman sa printer, hard drive, o iba pang storage device.

Aabisuhan ka namin kung magbabago ang aming mga kinakailangan sa hardware o software at kung ang pagbabagong iyon ay gumagawa ng malaking panganib na hindi mo maa-access o mapapanatili ang iyong mga electronic na dokumento. Ang pagpapatuloy sa paggamit ng Mga Produkto at nauugnay na serbisyo pagkatapos makatanggap ng abiso sa pagbabago ay ang pagtiyak sa iyong pagpapahintulot sa E-Sign na Kasunduan na ito at sa pagkatawan na mayroon ka ng hardware, software, email address, at mga kakayahang inilalarawan sa itaas.

Kahilingan para sa Mga Papel na Pakikipag-ugnayan.

Kung gusto mong makatanggap ng papel na kopya ng Pakikipag-ugnayan na ginawa naming available sa iyo noong nakaraan pagkatapos mong pahintulutang tumanggap ng Mga Pakikipag-ugnayan sa electronic na paraan, maaari kang humiling ng kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa ATTN: Customer Service 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101. Ise-send namin sa iyo ang papel na kopya mo sa pamamagitan ng mail sa U.S. Ibibigay ang papel na kopya ng mga hinihiling na Pakikipag-ugnayan nang libre. Ang paghiling para sa papel na kopya ng anumang Pakikipag-ugnayan ay hindi ituturing na pagbawi ng iyong pahintulot na tumanggap ng Mga Pakikipag-ugnayan sa electronic na paraan.

Mga Pakikipag-ugnayan nang Pasulat. Tinatanggap mo ang mga electronic na Pakikipag-ugnayan na ibinigay namin bilang makatwiran at wastong abiso, para sa layunin ng anuman at ng lahat ng batas, panuntunan, at regulasyon, at sumasang-ayon ka na ang naturang electronic na anyo ay ganap na nakakatugon sa anumang kinakailangan na ang mga naturang pakikipag-ugnayan ay dapat na ibigay sa iyo sa anyong mapapanatili mo.

Pederal na batas. Kinikilala mo at sumasang-ayon ka na ang iyong pahintulot sa mga electronic na Pakikipag-ugnayan ay ibinibigay kaugnay ng transaction na nakakaapekto sa interstate na komersyo na napapailalim sa Act, at na nilalayon mo at namin na malapat ang Act sa sukdulang hangganang posible para ma-validate ang aming kakayahan na makipagnegosyo sa iyo sa pamamagitan ng mga electronic na paraan.

Pagwawakas/Mga Pagbabago. Mayroon kaming karapatan, sa aming sariling pagpapasya, na ihinto ang probisyon ng iyong mga electronic na Pakikipag-ugnayan, o wakasan o baguhin ang mga tuntunin at kundisyon kung saan nagbibigay kami ng mga electronic na Pakikipag-ugnayan. Bibigyan ka namin ng abiso ng anupamang pagwawakas o pagbabago ayon sa iniaatas ng batas.

Pahintulot. Sa pamamagitan ng pag-click o pag-check sa box sa app o nang online, ipinapatupad mo ang check o marka bilang electronic na pirma mo at kinikilala mo ang pagtanggap ng E-Sign na Kasunduan at kinikilala pa na nabasa mo ang E-Sign na Kasunduan; positibo kang sumasang-ayon sa electronic na pagtanggap ng anuman at ng lahat ng Pakikipag-ugnayan kaugnay ng iyong paggamit ng Mga Produkto at anumang nauugnay na serbisyo at kinukumpirma mong natanggap at nasuri mo ang Mga Electronic na Pakikipag-ugnayan sa paraang inilalarawan namin sa itaas. Sumasang-ayon ka pa na natutugunan ng iyong Access Device ang mga kinakailangan sa hardware at software na tinutukoy sa itaas at ibinigay mo sa amin ang kasalukauyang e-mail address kung saan maaari kaming mag-send sa iyo ng mga electronic na Pakikipag-ugnayan.

Huling in-update: Nobyembre 8, 2024